# Gusto Mo Bang Sinisipsip Ng Iyong Anak ang Kaniyang mga Daliri?

## Edad 0-2 taong gulang



Ipinapakita ng mga pananaliksik ng mga sikologo para sa bata na ang pagsipsip sa kanilang mga daliri ay natural na sikolohikal na pangangailangan ng mga sanggol simula kapanganakan. Ang 'pagsipsip' ay magbibigay sa kanila ng katiwasayan.

## Edad 2-4 na taong gulang



Hindi kinakailangang masyadong alalahanin ng mga magulang ang gawing pagsipsip ng daliri. Sa pangkalahatan, ihihinto ng mga bata ang gawi kapag nagsimula na silang pumasok sa eskwelahan dahil sa impluwensiya ng mga kasamang bata. Gayon din, ipinakita ng mga lokal na survey na 80% ng mga sanggol ang humihinto sa gawi paglampas ng edad na 2 taong gulang.

Samakatwid, hindi kinakailangang himukin o sawayin ang gawi sa iyong anak. Mismong mga bata ang hihinto sa gawi sa kanilang tamang oras. Bukod diyan, huwag pagtawanan ang ugaling pagsipsip sa kanilang daliri at baka magbigay ka ng di kinakailangang sikolohikal na kahirapan sa kanila o mas magpalala pa sa kanilang pangangailangang magsipsip ng daliri.

## Edad 4 na taong gulang o pataas



Kung patuloy ang mga bata sa gawing pagsipsip ng daliri nang higit sa edad na 4 na taon, maaaring makaapekto ito sa paglaki ng kanilang panga at sa pagkakahanay ng kanilang mga permanenteng ngipin. Kung magkagayon, maaari kang kumonsulta sa isang dentista para sa paraan na makakatulong sa iyong anak na ihinto ang gawing pagsipsip sa mga daliri